



## Pananatili sa Australia

### Mayroon akong permanenteng visa

Maaaring manatili sa Australia nang walang tukoy na tagal ang mga Permanenteng Residente (PR) ngunit kung plano mong umalis sa Australia at muling bumalik, kailangan mong tingnan ang tagal ng pasilidad sa pagbibiyahesa iyong permanenteng visa (karaniwan ay may tagal na limang taon.)

Maaari mong tingnan sa pamamagitan ng:

- paggamit ng serbisyo ng [VEVO](#) service, o
- pag-access sa mga kondisyon ng iyong visa gamit ang iyong [ImmiAccount](#).

Kung papasok ka sa Australia gamit ang isang pansamantalang visa kapag nag-expire na ang pasilidad sa pagbibiyaha sa iyong permanenteng visa, magkakaroon ito ng masamang epekto sa iyo. Tingnan ang ['Resident Return visa'](#) para sa mga detalye.

### Mayroon akong pansamantalang visa

#### Mayroon akong Visitor visa o Electronic Travel Authority (ETA)

Sa ilalim ng batas sa migrasyon ng Australia, posibleng pahabain ang isang visitor visa o ETA. Kailangan mong mag-apply ng bagong visa bago mag-expire ang iyong kasalukuyang visa.

Kung mayroon kang 'wala nang karagdagang kondisyon sa pananatili' na nakalakip sa iyong visa, kakailanganin mong mag-apply na i-waive na ito bago ka gumawa ng anumang aplikasyon ng visa.

Kung hindi ka makaalis sa Australia gaya ng nasa plano. Tingnan ang tagal ng iyong pinapayagang pananatili, petsa ng pag-expire ng visa at mga kondisyon ng bisa para tiyaking legal kang mananatili sa Australia.

Tingnan ang mga detalye ng iyong visa sa [VEVO](#), [myVEVO app](#), sa iyong sulat sa pagkakaloob ng visa o sa iyong [ImmiAccount](#). Maaari mong tingnan ang pag-expire ng iyong ETA at mga kondisyon sa pamamagitan ng aming serbisyo na [Tingnan ang ETA](#).

Kapag nag-apply ka ng bagong visa, maaari kang mapagkalooban ng bridging visa na pananatilihin kang legal sa Australia hanggang makapagdesisyon sa iyong aplikasyon ng visa.

Kung nag-expire na ang visa mo, tingnan ang [Nag-expire na ang visa ko](#).

## Mga kondisyon ng visa

### Walang kondisyon sa trabaho

Hindi pinapayagang magtrabaho sa Australia ang mga may-ari ng visitor visa at ETA.

### Tagal ng pananatili ayon sa Visa

Hindi maaaring pahabain pa ang tagal ng pananatili sa isang umiiral na visa. Mawawalang bisa na ang iyong visa kung mananatili ka pa rin sa Australia sa pagtatapos ng panahon ng pinayagang pananatili. Kung hindi ka makaalis sa Australia sa loob ng panahon ng pinayagang pananatili na nasa iyong visa, kailangan mong mag-apply ng karagdagang visa bago magtapos ang petsa sa iyong visa.

Kung nakaalis at nakabalik ka sa Australia sa isang round-trip cruise, maaaring hindi ito ituring bilang pag-alis sa Australia para sa mga layunin ng panahon ng iyong pinayagang pananatili. Pakitingnan ang impormasyong ibinigay sa iyo ng iyong kompanya ng cruise ship.

### Walang karagdagang kondisyon sa pananatili (kasama ang 8503, 8534 at 8535)

Kung mayroon kang visa na may kondisyong 8503, 8534, o 8535 at hindi makaalis sa Australia gaya nang nakaplano, hindi ka makakapag-apply sa karamihan ng iba pang visa sa Australia maliban kung na-waive na ang kondisyon. Maaari mong [hilingin na i-waive ang kondisyong ito](#) kung mag-e-expire ang iyong visa sa loob ng 4 na linggo. Kung naaprubahan ang iyong kahilingan, kailangan mong gumawa ng aplikasyon para sa bagong visa bago mag-expire ang iyong kasalukuyang visa.

### Kondisyong 8531 (hindi dapat manatili sa Australia pagkalipas ng panahon ng pinayagang pananatili sa pamamagitan ng visa)

Kung mayroon kang visa na may kondisyong 8531 at hindi makaalis sa Australia gaya ng nasa plano, kailangan mong mag-apply ng karagdagang visa bago magtapos ang petsa sa iyong visa. Kung sumasailalim ka rin sa kondisyong 8503, kakailanganin mo munang humiling ng waiver ng kondisyong ito.

Nauunawaan namin na hindi makaalis sa Australia ang ilang tao gaya ng nasa plano dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha, at isasaalang-alang namin ito sa anumang aplikasyon ng visa o sponsorship sa hinaharap.

### Kondisyong 8558 (hindi dapat manatili sa Australia nang mahigit sa 12 buwan sa anumang 18-buwang panahon)

Kung mayroon kang visa na may kondisyong 8558 at hindi makaalis sa Australia gaya ng nasa plano, mawawalang bisa ang iyong visa kung nanatili ka sa Australia ng 12 **sunod-sunod** na buwan sa isang pagkakataon.

Kung nanatili ka sa Australia ng 12 **pinagsama-samang** buwan sa 18-buwang panahon, mananatiling may bisa ang iyong visa hanggang sa petsa ng pag-expire ng visa.

Kailangan mong mag-apply ng karagdagang visa kung mag-eexpire na ang visa mo bago ka makaalis sa Australia. Kung sumasailalim ka rin sa kondisyong 8503, kakailanganin mo munang humiling ng waiver ng kondisyong ito.

## **Mga plano sa pagpoproseso ng visa**

Kung kailangan mong mag-apply ng bagong vbisa para manatili sa Australia, maaari mo pa ring tingnan ang mga opsyon mo sa visa at tiyaking gumawa ng aplikasyon ng visa sa [ImmiAccount](#). Hinihikayat namin ang mga aplikante na mag-apply online kung saanman maaari, dahil mas mabilis na napoproseso ang mga aplikasyong ito.

Maaaring naapektuhan ng COVID-19 ang ilang serbisyong kaugnay ng proseso ng aplikasyon ng visa at nagiging hindi available ang ilang serbisyong maaari nating maasahan (tulad ng mga medical check at pagkuha ng biometric). Bibigyan ng karagdagang panahon ang mga aplikante para kumpletuhin ang mga kinakailangan at magbigay ng hinihinging impormasyon.

Isasaalang-alang namin ang mga pagkaputol ng serbisyo kapag pinoproseso ang iyong aplikasyon ng visa.

Hindi mo kailangang makipag-ugnayan sa amin para humingi ng karagdagang panahon para kumpletuhin ang mga kinakailangang ito.

## **Mayroon akong Student visa**

### **Mga pinakabagong update/media release**

- [Pagpapalakas ng kalusugan at mga bilang ng nagtatrabahong may kapansanan sa panahon ng coronavirus](#)
- [Coronavirus at mga may-ari ng pansamantalang visa](#)
- [Pansamantalang mag-aalok ng mas matagal na oras ang mga pangunahing pamilihan ng Australia para sa mga empleyado na internasyonal na mag-aaral para makatulong na mapanatili ang stock.](#)
- [Handa ang mga internasyonal na mag-aaral na punan ang mga kritikal na kakulangan sa kawani sa pangangalaga sa mga matatanda.](#)

Nagsasagawa ang Pamahalaan ng flexible na lapit kaugnay ng mga kondisyon ng student visa kung saan na pinigilang matugunan ng mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19 ang mga kondisyon, gaya ng pagpasok sa klase o paggamit ng online learning.

Kung matatapos na ang iyong pag-aaral sa Australia, at hindi ka nakaalis sa Australia, maaari kang mag-apply ng Visitor visa (subclass 600). Kailangan mo itong gawin bago mag-expire ang iyong Student visa.

### **Kung 'walang sesyon' sa iyong kurso**

Maaari kang magtrabaho nang walang limitasyon kung itinuturing na 'walang sesyon'. Itinuturing na 'walang sesyon' ang mga kurso kapag nasa naka-iskedyul na break ng kurso o kung natapos na ng mag-aaral ang kaniyang kurso gaya nang naka-iskedyul.

### **Kung nag-aaral ka ng masters sa pamamagitan ng pananaliksik o doktoradong kurso**

Kung nasimulan mo na ang pag-aaral ng masters sa pamamagitan ng pananaliksik o doktoradong kurso, maaari kang magtrabaho nang walang limitasyon sa oras.

### **Kung ipinagpaliban ang iyong kurso**

Maaari kang magtrabaho nang mahigit sa 40 oras kada dalawang linggo kung ipinagpaliban ang iyong kurso.

### **Pansalamantalang pagluluwag ng mga oras ng trabaho para sa mga may-ari ng student visa**

Maaaring magtrabaho nang mahigit sa 40 oras kada dalawang linggo ang ilang may-ari ng student visa para masuportahan ang supply ng mga pangunahing produkto at serbisyo para sa mga Australyano kung sila ay:

- nagtatrabaho sa sektor ng kalusugan, naka-enroll sa isang kursong kaugnay ng kalusugan (tulad ng nursing o medisina) at inutusan ng isang pangkalusugang opisyal na tumulong sa pagsisikap na labanan ang COVID-19.
- nagtatrabago sa mga nakarehistrong supermarket (matatapos ang pansamantalang hakbang na ito para sa mga supermarket sa Mayo 1, 2020)
- nagtatrabaho sa pangangalaga ng matatanda sa isang Aprubadong Tagapagbigay o tagapagbigay ng pangangalaga sa matatanda na pinopondohan ng Commonwealth
- nagtatrabaho sa isang nakarehistrong tagapagbigay ng Pambansang Scheme sa Insurance ng May Kapansanan.

Tingnan ang [Pansamantalang pagluluwag ng mga oras ng mga oras ng trabaho para sa mga may-ari ng student visa](#).

## **Maaari ko bang pahabain ang aking Student visa?**

Sa ilalim ng batas sa migrasyon ng Australia, imposibleng pahabain ang Student visa.

Kailangan mong mag-apply ng bagong visa kung:

- hindi ka makauwi sa iyong bansa at mag-e-expire na ang iyong visa
- kailangan mo ng mas mahabang panahon sa Australia para makumpleto ang iyong kurso.

Kailangan mong mag-apply ng bagong Student visa anim na linggo bago mag-expire ang iyong kasalukuyang Student visa. Hindi kailangang magbigay ng katunayan ng mga epekto ng COVID-19 sa iyong aplikasyon ng Student visa.

Kung matatapos na ang iyong pag-aaral sa Australia, maaari kang mag-apply ng Visitor visa (subclass 600). Kailangan mo itong gawin bago mag-expire ang iyong Student visa.

[Higit pang impormasyon tungkol sa Visitor visa.](#)

Maaaring naapektuhan ang ilang serbisyong kaugnay ng proseso ng aplikasyon ng visa at nagiging hindi available ang mga serbisyo. Kabilang na rito ang mga panel doctor na nagsasagawa ng mga medical check, mga pasilidad sa pagbibigay ng pagsusulit sa wikang Ingles at pagkuha ng biometric. Habang hindi available ang mga serbisyong ito, hindi matutugunan ng maraming aplikante ang mga kinakailangan sa visa. Bibigyan ang mga mag-aaral ng karagdagang panahon para kumpletuhin ang mga kinakailangang ito at magbigay ng mga hinihinging impormasyon.

Mas mahalaga pa, ang pagsasagawa ng bagong aplikasyon bago mag-expire ang kasalukuyang visa ay magbibigay sa iyo ng bridging visa para manatiling legal habang tinutugunan ang lahat ng kinakailangan.

### **Mga kinakailangan sa pag-aaral sa Australia**

Hindi pinapangasiwaan ng Department of Home Affairs ang paraan ng mga kinakailangan sa pag-aaral.

Kailangan mong makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng edukasyon.

Mangyaring sumangguni sa [Pinagsamang pahayag ng TEQSA at ASQA kaugnay ng flexible na paghahatid.](#)

Para sa mga pahintulot bilang resulta ng mga paghihigpit sa pagbibiyaha, tingnan ang [mga kinakailangan ng National Code para sa mga apektadong mag-aaral sa kolehiyo na nagsasagawa ng online na pag-aaral.](#)

### **Pag-aabiso sa Kagawaran**

Hindi mo kailangang abisuhan ang Kagawaran kung umuwi ka. O nagbago ang sitwasyon ng iyong pag-aaral.

Mananatiling may bisa ang iyong visa hanggang magsagawa ka ng isa pang aplikasyon ng visa, o mag-expire ang iyong visa. Hindi mababago ang estado ng iyong visa kung umuwi ka na o ipinagpaliban ang iyong pag-aaral.

### **Mga mag-aaral na nakararanas ng pinansyal na paghihirap**

Hinihikayat ka na umasa sa suporta ng pamilya, magtrabaho nang part-time kung saan maaari at sa iyong sariling ipon para masuportahan ang sarili sa Australia.

Kung hindi mo masuportahan ang iyong sarili, kailangan mong magsagawa ng mga plano para makauwi sa bansang iyong tinitirahan, tandaang ito ang kondisyon ng lahat ng Student visa na may access sa pondo ang mga may-ari para suportahan ang kanilang sarili sa panahon ng kanilang pananatili sa Australia.

Maaaring i-access ng mga mag-aaral na nananatili sa Australia nang mahigit na sa 12 buwan na nakararanas ng pinansyal na paghihirap ang kanilang Australian superannuation.

Patuloy na makikilahok ang Pamahalaan sa pandaigdigang sektor ng edukasyon na magbibigay ng ilang pinansyal na suporta para sa mga internasyonal na mag-aaral na nahihirapan.

## **Mayroon akong Temporary Skill Shortage visa (subclass 482) o Temporary (Skilled) visa (subclass 457)**

Ang mga may-ari ng Temporary Skill Shortage at subclass 457 visa na pinagpahinga, ngunit hindi tinanggal sa trabaho, ay mananatiling may bisang visa at magkakaroon ang mga negosyo ng pagkakataong pahabain ang iyong visa gaya ng karaniwang kasunduan.

Maaaring bawasan ng mga negosyo ang iyong oras nang hindi ka lumalabag sa mga kondisyon ng iyong visa o nang hindi lumalabag sa mga obligasyon ang kanilang employer.

Kung natanggal ka sa trabaho at kasalukuyang walang trabaho, kailangan mong makahanap ng bagong employer sa loob ng 60 araw o gumawa ng mga planong makaalis sa Australia, kung saan posible.

Kung hindi ka makauwi sa iyong bansa. Kailangan mong magpanatili ng may bisang visa at sumunod sa payong pangkalusugan ng Australia kung saan kinakailangan.

Maaari ding maging kwalipikado sa [COVID-19 pandemic Pansamantalang Aktibidad na Visa \(Temporary Activity Visa \(subclass 408\) Australian Government Endorsed Agreement Event \(AGEE\) stream visa](#) ang mga may-ari ng pansamantalang visa sa trabaho na kasalukuyang nagtatrabaho sa mahahalagang sektor, tulad ng kalusugan, pangangalaga sa matatanda o agrikultura.

## **Mayroong akong Working Holiday Maker visa**

**Nagtatrabaho ako sa isang mahalagang sektor para sa COVID-19 (Agrikultura, Pagpoproseso ng Pagkain, Pangangalaga ng Kalusugan, Pangangalaga ng Matatanda o Pangangala ng Bata)**

Hindi maaaring pahabain ang mga Working Holiday Maker visa. Gayunpaman, kung nakakumpleto ka ng tatlo o anim na buwan ng [tiyak na trabaho](#) sa Australia, maaari kang mag-applu ng ikalawa o ikatlong Working Holiday Maker visa.

Nagpakilala ng mga bagong hakbang ang Pamahalaan ng Australia bilang pagtugon sa COVID-19. Ang mga Working holiday maker na nagtatrabaho sa mahahalagang sektor tulad ng agrikultura, kalusugan, pangangalaga sa matatanda at may kapansanan at pangangalaga sa mga bata ay magiging hindi sakop ng limitasyon sa anim na buwang trabaho sa isang employer.

Ang mga Working holiday maker na nagtatrabaho sa mahahalagang sektor na hindi nakakumpleto ng 3 o 6 na buwan ng tiyak na trabaho ay kinakailangang mag-apply ng ikalawa o ikatlong Working Holiday Maker visa, at hindi makakauwi sa kanilang bansa at maaaring mag-apply ng [COVID-19 pandemic Pansamantalang Akibidad na Visa \(Temporary Activity Visa\) \(subclass 408\) Kaganapan ng Inendorong Kasunduan ng Gobyerno ng Australya \(Australian Government Endorsed Agreement Event\) \(AGEE\) stream visa](#) at hindi sisingilin para sa aplikasyon ng visa. Papayagan ka ng visa na ito na manatiling legal sa Australia, at patuloy na makapagtrabo, kung gusto mo, hanggang sa ligtas at praktikal na para sa iyo na makauwi sa iyong bansa.

Para mabigyan ng bagong visa, kailangan mong matugunan ang lahat ng kinakailangan para sa visa na iyon, kabilang na ang anumang limitasyon sa edad, mga kinakailangan sa wikang Ingles, kalusugan at pag-uugali.

### **Kondisyon ng visa 8547 — limitasyon na anim na buwang trabaho sa isang employer**

Maaaring magsagawa ng anumang uri ng trabaho ang mga Working Holiday Maker habang nananatili sila sa Australia, ngunit karaniwan itong limitado sa anim na buwang trabaho sa anumang isang employer, maliban kung nagbigay ng pahintulot ang Kagawaran na magtrabaho sa parehong employer nang mas mahaba sa anim na buwan.

Ang mga Working Holiday Maker na nagtatrabaho sa mahahalagang sektor, tulad ng kalusugan, pangangalaga sa matatanda o agrikultura ay may permiso mula sa Kagawaran na magtrabaho sa parehong employer nang mas mahaba sa anim na buwan, dahil sa hindi pangkaraniwan, mga hindi inaasahang sitwasyon.

Kabilang sa ibang sitwasyon kung saan may permiso ang mga Working Holiday Maker mula sa Kagawaran na magtrabaho sa parehong employer nang mas mahaba sa anim na buwan ang mga trabaho na:

- nasa iba't ibang lokasyon at trabaho sa anumang isang lokasyon na hindi lalampas sa anim na buwan
- sa pag-aalaga ng halaman at hayop saanman sa Australia
- sa mga tiyak na industriya sa hilagang Australia lamang
- tumutulong sa pagsisikap na makabangon sa bushfire.

Sa anumang iba pang sitwasyon, [kailangan mong humingi ng pahintulot](#) para magtrabaho sa parehong employer nang mahigit sa 6 na buwan.

## **Nagtatrabaho ako sa isang hindi mahalagang sektor para sa COVID-19**

Hindi maaaring pahabain ang mga Working Holiday Maker visa. Gayunpaman, kung nakakumpleto ka ng tatlo o anim na buwang trabaho sa Australia, maaari kang mag-apply ng ikalawa o ikatlong Working Holiday Maker visa

Tingnan ang [mga kondisyon sa tiyak na trabaho](#) para sa higit pang impormasyon.

Kung hindi ka nakakumpleto ng tatlo o anim na buwan ng tiyak na trabaho na kinakailangan para mag-apply ng ikalawa, o ikatlong Working Holiday Visa dahil sa COVID-19 — at hindi ka nagtatrabaho sa isang mahalagang sektor, kailangan mong mag-apply ng isa pang visa para manatiling legal hanggang makauwi ka na sa iyong bansa.

Para mabigyan ng bagong visa, kailangan mong matugunan ang lahat ng kinakailangan para sa visa na iyon, kabilang na ang anumang limitasyon sa edad, mga kinakailangan sa wikang Ingles, kalusugan at pag-uugali.

### **Kondisyon ng visa 8547 — limitasyon na anim na buwang trabaho sa isang employer**

Maaaring magsagawa ng anumang uri ng trabaho ang mga Working Holiday Maker habang nananatili sila sa Australia, ngunit karaniwan itong limitado sa anim na buwang trabaho sa anumang isang employer, maliban kung nagbigay ng pahintulot ang Kagawaran na magtrabaho sa parehong employer nang mas mahaba sa anim na buwan.

Sa ilang sitwasyon, may pahintulot ang mga Working Holiday Maker mula sa Kagawaran na magtrabaho sa parehong employer nang mas matagal sa anim na buwan; kung saan ang trabaho ay:

- nasa iba't ibang lokasyon at trabaho sa anumang isang lokasyon na hindi lalampas sa anim na buwan
- sa pag-aalaga ng halaman at hayop saanman sa Australia
- sa mga tiyak na industriya sa hilagang Australia lamang
- tumutulong sa pagsisikap na makabangon sa bushfire.

Sa anumang iba pang sitwasyon, [kailangan mong humingi ng pahintulot](#) para magtrabaho sa parehong employer nang mahigit sa 6 na buwan.

## **Isa akong Seasonal na empleyado o bahagi ng Pacific Labour Scheme**

### **Mga may-ari ng subclass 403 visa sa Pacific Labour Scheme**

Maaari kang mag-apply ng isa pang [subclass 403 visa sa Pamamaraan sa Paggawa sa Pasipiko \(Pacific Labour Scheme\)](#) kung saan inendorso ka at ang iyong employer ng Department of Foreign Affairs and Trade na makilahok sa scheme. Papayagan ka ng visa



na ito na manatiling legal sa Australia, at patuloy na makapagtrabo, kung gusto mo, hanggang sa ligtas at praktikal na para sa iyo na makauwi sa iyong bansa.

### **Mga may-ari ng subclass 403 visa sa Seasonal Worker Program**

Hindi maaaring pahabain ang visa mo. Gayunpaman, nagpakilala ang Pamahalaan ng Australia ng mga bagong hakbang para sa mga nagtatrabaho sa mahahalagang sektor bilang tugon sa COVID-19.

Maaari kang maging kwalipikado para sa [Pansamantalang Aktibidad \(Temporary Activity\) \(subclass 408 Kaganapan ng Inendorong Kasunduan ng Gobyerno ng Australya \(Australian Government Endorsed Event\) \(AGEE\) stream](#) visa habang may pandemic ng COVID-19, kung:

- mag-eexpire na ang visa mo
- nag-expire na ang visa mo
- hindi ka makaalis sa Australia
- nagtatrabaho ka sa isang mahalagang sektor, tulad ng kalusugan, pangangalaga sa matatanda o agrikultura

Papayagan ka ng visa na ito na manatiling legal sa Australia, at patuloy na makapagtrabo, kung gusto mo, hanggang sa ligtas at praktikal na para sa iyo na makauwi sa iyong bansa. Ang mga kasunduan sa Seasonal Worker Program at Pacific Labour Scheme, kabilang na iyong may kaugnayan sa mga employer, ay ililipat sa mga bagong kasunduan sa bagong visa, na ipinagpapatuloy ang ugnayan sa sektor ng agrikultura.

### **Mga kondisyon ng visa: 8503 (Walang Karagdagang Pananatili) at 8577 (Pagpapalit ng mga Employer)**

Para sa subclass 403 visa sa Seasonal Worker Program o Pacific Labour Scheme, nangangahulugan ang kondisyon 8577 na karaniwan kang pinapayagang magtrabaho sa isang Sponsor. Aprubadong Employer, maliban kung bnigyan ka ng pahintulot ng Department of Home Affairs na magpalit.

Sa panahon ng COVID-19, maaari kang magpalit ng mga Sponsor/ Aprubadong Employer. Kung hindi ka nakapagpalit ng mga Sponsor/ Aprubadong Employer, kailangang makipag-ugnayan ang iyong employer sa:

- Department of Education, Skills and Employment, kung isa kang Seasonal Worker
- Department of Foreign Affairs and Trade, kung nagtatrabaho ka sa ilalim ng Pacific Labour Scheme.

Sa ilalim ng ganitong mga pansamantalang kasunduan, kinakailangan pa ring sumunod ng mga employer sa lahat ng kaugnay na batas sa lugar ng trabaho sa Australia at patuloy kang magkakaroon ng parehong mga karapatan sa ilalim ng batas sa lugar ng trabaho sa Australia gaya ng lahat ng iba pang empleyado.

Para sa subclass 403 sa Seasonal Worker stream, sa panahon ng COVID-19, ang kondisyon 8503 (Walang Karagdagang Pananatili) na nakalakip sa iyong visa ay

awtomatikong naka-waive para payagan kang mag-apply ng [Pansamantalang Aktibidad \(Temporary Activity\) \(subclass 408 Kaganapan ng Inendorong Kasunduan ng Gobyerno ng Australya \(Australian Government Endorsed Event\) \(AGEE\) stream\)](#).

Hindi mo na kailangang mag-apply ng waiver para sa kondisyon 8503.

## Mayroon akong Special Category visa

Mayroong kasunduan ang mga taga-New Zealand at taga-Australia kung saan maaaring manatili at magtrabaho ang bawat isa sa parehong bansa.

## Mayroon akong Bridging visa A, B o C

Pinapayagan ka ng mga bridging visa A, B o C na manatili sa Australia pagkatapos mag-expire ang iyong kasalukuyang visa, at habang pinoproseso ang iyong aplikasyon ng bagong visa.

### Mga karapatan sa pagtatrabaho

Papayagan kang magtrabaho sa Australia depende sa mga kondisyon ng iyong Bridging visa.

Maaari mong tingnan sa pamamagitan ng:

- paggamit ng serbisyo ng [VEVO](#) service, o
- pag-access sa mga kondisyon ng iyong visa gamit ang iyong [ImmiAccount](#).

Kung nasa iska kang mahirap na sitwasyong pinansyal at hindi ka pinapayagang magtrabaho ng iyong Bridging visa, o may mga paghihigpit sa pagtatrabaho, maaari kang mag-apply ng [Bridging visa A](#) na papayagan kang magtrabaho. Gayunpaman, kakailanganin mong ipakita na ikaw ay nasa isang mahirap na sitwasyong pinansyal

Kung hindi mo natugunan ang mga kinakailangan para sa trabaho, at kwalipikado ka pa rin para sa isang Bridging visa, bibigyan ka namin ng bagong Bridging visa na may parehong mga kondisyon na nasa nakaraan mong Bridging visa.

Hindi ka bibigyan ng bagong Bridging visa na papayagan kang magtrabaho kung:

- ibinigay sa iyo ang kasalukuyan mong Bridging visa A dahil nag-apply ka ng judicial review para sa desisyong ginawa sa iyong orihinal na aplikasyon ng visa, o
- nag-apply ka ng protection visa.

Tingnan ang: [Impormasyon kung paano mag-apply](#).

## Mga mag-e-expire na Bridging visa

Kung gusto mong manatili sa Australia pagkalipas ng petsa ng pag-expire ng iyong visa, kailangan mong mag-apply ng isa pang visa.

## Mayroon akong Bridging visa E

Pinapayagan ka ng ganitong pansamantalang visa na manatili sa Australia habang ikaw ay:

- nagsasagawa ng mga plano para umalis
- tinatapos ang iyong inaasikaso sa immigration
- naghihintay ng isang desisyon sa immigration.

## Mga karapatan sa pagtatrabaho

Papayagan kang magtrabaho sa Australia depende sa mga kondisyon ng iyong Bridging visa.

Maaari mong tingnan sa pamamagitan ng:

- paggamit ng serbisyo ng [VEVO](#) service, o
- pag-access sa mga kondisyon ng iyong visa gamit ang iyong [ImmiAccount](#).

## Mga mag-e-expire na Bridging visa

Kung gusto mong manatili sa Australia pagkalipas ng petsa ng pag-expire ng iyong visa, kailangan mong mag-apply ng isa pang visa.

## Status Resolution Service

Maaari kang bigyan ng pansamantalang suporta ng [Serbisyo ng Katayuan ng Resolusyon \(Status Resolution Service\) \(SRS\)](#).

Maaari kang maging kwalipikad para sa suporta kung ikaw ay:

- walang visa at naninirahan sa Australia
- isang illegal maritime arrival (IMA) at nakapagsumite ng aplikasyon ng Temporary Protection Visa (TPV) o Safe Haven Enterprise Visa (SHEV)
- hindi isang IMA at nakapagsumite ng aplikasyon ng may bisang protection visa
- may-ari ng Bridging Visa E (BVE)
- nahaharap sa napakalalaking hadlang na nakakaapekto sa iyong kakayahang resolbahin ang iyong estado sa immigration.

## Nag-expire na ang aking visa

## **Nag-expire sa loob ng 28 araw**

Kung nag-expire na ang iyong visa, kailangan mong mag-apply kaagad ng [Bridging visa E \(BVE\)](#) para maging legal. Ang BVE ay isang panandaliang visa na pinapayagan kang manatiling legal habang nagsasagawa ng mga planong umalis sa Australia.

Kung gusto mong legal na manatili sa Australia, kailangan mong mag-apply ng bagong visa. Ang iyong mga kinalalagyang sitwasyon ang magtatakda ng iyong mga opsyon sa visa at ano ang mga kailangan mong gawin para manatiling legal. Depende sa kung gaano na katagal nag-expire ang visa mo, puwede kang maharap sa mga paghihigpit sa pag-a-apply ng mga karagdagang visa habang nasa Australia ka.

Maaaring naapektuhan ng COVID-19 ang ilang serbisyong kaugnay ng proseso ng aplikasyon ng visa at nagiging hindi available ang ilang serbisyong maaari nating maasahan (tulad ng mga medical check at pagkuha ng biometric). Bibigyan ng karagdagang panahon ang mga aplikante para kumpletuhin ang mga kinakailangan at magbigay ng hinihinging impormasyon.

## **Nag-expire mahigit 28 araw na ang nakalipas**

Kung nag-expire na ang visa mo nang mahigit 28 araw na ang nakalipas, mangyaring makipag-ugnayan sa [Serbisyo ng Katayuan ng Resolusyon \(Status Resolution Service\) \(SRS\)](#) para sa tulong na maresolba ang iyong estado sa immigration.